KRITIKE VOLUME NINETEEN NUMBER TWO (SEPTEMBER 2025) 8-28

Article

# Ang Loob ng Tao at Laro ng Sarili

***Agustin Martin G. Rodriguez***

**Abstract:** This essay is an exploration of the experience of self as play and dynamism. It is a reflection on the empiricist theories of self and responds to these theories based on the Derridean conception of *différance* and leading Filipino philosophers' conception of the self as *loob* and *kapwa* (or as an opening interiority which is immediately and intimately engaged with the other). It will argue that a more dynamic conception of the self at play is truer and more fruitful for the human experience than the fiction of the self, produced by the memory and self-awareness proposed by the empiricists. This essay argues that the human self is a dynamic presencing engaged with the world in its creative acts of self-realization as a response to the giving of the play of *différance* that gives all beings to presence as play.

**Keywords:** Derrida, *différance*, loob, sarili, pagka-ako

Sa pagmumuni-muning ito, susuriin natin ang kabalintunaan ng pagka-ako ng tao. Dadaanan natin ang mga pagdududa nina Hume at Locke sa pagmemeron ng pagka-ako, haharapin ang kanilang pag-uwi sa pagka-ako bilang epekto ng mekanismo ng kamalayan, gagamitin ang teorya ni Derrida ng *différance* para mapakita ang posibleng tugon sa eskeptisismo ni Hume, at bubuuin ang teorya ng sarili[1] sa pamamagitan ng paggamit ng teorya ng kapwa at loob nina Albert Alejo, Katrin de Guia, at Virgilio Enriquez. Sa ganitong paraan, susubukan nating makabuo ng isang dinamikong pag-unawa sa sarili na tapat sa kasalukuyang karanasan ng pagpapakatao.

Sa kontemporaryong pilosopiya, mahalaga ang tanong ukol sa sarili. Ika nga ni Charles Taylor, may nangyari sa pag-unawa sa pagiging sabjek sa modernidad ng Kanluran. Sa panahong ito, naging mas malay ang mga tao sa sarili bilang indibidwal na may sariling halaga na dapat paunlarin at pangalagaan. Ito ang panahon kung kailan namalayan ng mga tao na sila'y indibidwal na sabjek na may karapatang dapat galangin ng iba at may

[1] Sa sanaysay na ito, gagamitin ang salitang "pagka-ako" at "sarili" para tukuyin ang nararanasan natin ukol sa sarili na nananatili at isinasatupad sa panahon.

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

sariling dapat niyang kilalanin at isagawa nang malay at malaya.[2] Malinaw sa ating karanasan bilang tao, lalo na tayong mga nahubog na Kanluraning pag-unawa sa sarili, na may sarili nga tayong nililinang at isinasabuhay. Makikita ito sa ating mga pagsisikap na makahanap ng makahulugang trabaho na nakakabuo ng sarili, makatagpo ng tunay na kasintahan na pahahalagahan ang ating pagkabukod tangi, at paghahanap ng mga gawain na magpapaunlad at magsasabuhay sa ating bukod-tanging pagkatao. Malinaw sa mga karanasang ito na may kinikilala tayong sariling talagang umiiral at kailangang isabuhay ayon sa sariling pagka-ako. Kung hindi man totoo na merong sarili, pinapalagay pa rin natin na meron tayong sariling isinasabuhay.

Subalit, bagaman tilang malinaw sa lahat na merong ako,[3] maitatanong pa rin natin kung "Meron ba talagang ako?" Hindi nito tinutukoy kung meron bang umiiral na nagtatanong kung meron ako. Malinaw na merong nagtatanong nang ganito: na merong isang dumaranas sa mundo at may pagmamalay sa sariling pag-iral. Hindi kaduda-duda na may umiiral na ganito. Ang pinagtatakahan, kung hindi man pinagdududahan, ng tanong ay kung merong ako: isang umiiral na may pagmamalay sa sarili bilang may makabuluhang kasarinlang at malayang pagpapatupad o pagsasabuhay ng sarili. Hindi nga ba sa karanasan ng karaniwang tao, meron tayong karanasan ng may katuturang pagka-ako kaya natin sinisikap na isabuhay ang pinakamabuting posibilidad ng sarili?

Sa kasalukuyang panahon, sa eksistensiyal na krisis na dinala ng pandemya ng COVID-19, maraming nag-lakas ng loob na pagdudahan ang halaga ng kanilang mga hanapbuhay at iwan ito. Ito yung "Great Resignation"[4] na tinutukoy ng ilang manunulat bilang isang mahalagang epekto ng "*lockdown*." Dahil naranasan ng mga tao ang posibilidad ng kamatayan, at naranasan din ang posibilidad ng uring pamumuhay na hindi kulong sa pagka-abala at alipin sa gawaing hindi nagdadala ng pagbubuo ng pagkatao o kaginhawahan, naisip nilang maghanap ng hanapbuhay na nakakabuo ng sarili o mas tapat sa sarili, i.e., pagka-ako. Sa krisis na ito, tila naging malinaw na mayroon ngang sariling dapat pangalagaan. Karanasan ito ng karaniwang tao. Subalit, may mga pilosopong pinagdudahan ang realidad nitong "ako" na pinagsisikapan nating tupdin.

---

[2] Charles Taylor, *Sources of the Self: The Making of the Modern Identity* (Cambridge: Harvard University Press, 1989).

[3] Tinutukoy din ng paggamit ng salitang "ako" ang sarli. Ginagamit ang pagka-ako sa sarili kapag nais bigyang diin ang sarili bilang isinasatupad ayon sa pagmemeron nito.

[4] Abhinav Chugh, "What Is 'The Great Resignation'? An Expert Explains," in *World Economic Forum* (29 November 2021), <https://www.weforum.org/stories/2021/11/what-is-the-great-resignation-and-what-can-we-learn-from-it>.

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

Para sa ilang mahalagang pilosopo ng Modernidad, kaduda-duda na mayroon ngang ako dahil wala naman talagang matutukoy na ako bilang bagay man o esensiya. Para sa kanila, mas totoong sabihin na epekto lamang itong nararanasan bilang ako ng pagkakaroon ng kamayalang tumatanggap at nagpoproseso ng datos ng pandama. Posibleng kailangan ng ilusyon ng sarili para mas mabuti nitong maiproseso ang datos na natatanggap ng kamalayan. Mahalagang suriin ang kanilang mga teorya dito.

## Ang Sariling Pinagdududahan ng Empirisismo

Si David Hume ang isa sa pinakamalinaw na nagpahayag ng pagdududa sa realidad ng ako. Para sa kanya, mahirap tanggapin na mayroon ngang ako dahil, bilang empiriko, walang malinaw na batayan ang karanasan na pagkakaroon ng ako. Wala talagang isang malinaw na makabuluhang bagay na pinagmumulan ng datos na pinagbabatayan ng paniniwala na mayroong ako. Sa kanyang akdang *Treatise on Human Nature,* sinuri niya ang pinagmumulan ng ating paniniwala na mayroong ako:

> May mga pilosopong nag-iisip na sa bawat sandali ay malalim nating nararamdaman ang tinutukoy nating SARILI; na nararanasan natin ang pag-iral nito at ang patuloy na pag-iral nito; at na katiyak-tiyak tayo, higit pa sa anumang ebidensiya ng patunay, sa ganap na pagkakakilanlan at pagiging simple nito. Ang pinakamatinding pandama, o ang pinakamalakas na damdamin, ayon sa kanila, sa halip na makagambala sa pananaw na ito, ay lalong nagpapalalim nito, at nagpapapansin sa atin ng impluwensiya nito sa sarili sa pamamagitan ng kasiyahan o sakit. Ang pagsisikap na magbigay ng karagdagang patunay nito ay magpapahina sa ebidensiya nito; dahil walang patunay na maaaring makuha mula sa anumang katotohanan na lubos nating nararamdaman; at wala ring bagay na maaari nating tiyakin kung pagdududahan natin ito.[5]

Malinaw na para kay Hume ang mga pilosopong naniniwala na may sarili ay nagmumula sa katiyakang sanhi ng mga karanasan ng matinding damdamin at ng pandama. Ito ang nagpapatiyak na may akong tumtatanggap sa pagpepresensiya ng mga bagay kaya ako may damdamin

[5] David Hume, *A Treatise on Human Nature* (London: Penguin Book, 1985), 299. Ang salin ay akin.

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

at pandama. Subalit, malinaw na hindi ito sapat na patunay na merong ako para kay Hume.

Ikokontra niya ang paniniwala ng mga nagpapalagay na may sarili sa ganitiong paraan:

> ... ang sarili o persona ay hindi iisang impresyon, subalit ito ang pinapalagay na tinutukoy ng mga iba't ibang impresyon. Kung may impresyon na nagbibigay sa ideya ng sarili, dapat nanatili itong impresyong ito, sa buong daloy ng ating buhay; dahil ganoon dapat nananatili ang sarili. Subalit walang iisang impresyon na hindi nagbabago at nananatili. Ang sakit at ginhawa, kalungkutan at ligaya, damdamin at pandama ay sumusunod sa isa't isa, at hindi sabay-sabay na nadarama. Kaya hindi maaaring nagmumula sa alin man sa mga impresyong ito, o mula sa ano pa man, ang pinagmumulan ng ideya ng sarili, at kung ganoon wala talagang ganoong ideya.[6]

Malinaw na tinatanggihan ni Hume ang realidad ng sarili dahil ang ideya nito at ang mga impresyong maaaring pinagbabatayan nito ay walang payak na pinagmumulan. Para kay Hume, masasabi lang na may sarili kung may payak, hindi nagbabago, at malinaw na pinagmumulan ang mga impresyon na pinagbabatayan natin ng kaalaman tungkol dito. Subalit kung tutuusin, kung susundin ang epistemolohiya ni Hume, wala namang tiyak sa kaalaman ukol sa ako. Nababatay lang ang kaalaman natin sa kinasanayang paraan ng pagbubuo sa mga emprikal na datos na dala ng kaisipan.[7] Ganoon pa man, mahalaga ang kanyang ginagawa sa pagdududang ito. Ipinapakita niya na wala talagang matatag na batayan ang impresyon na merong ako. Kaya maitatanong kung bakit tiyak ang tao sa kanyang pagkakaroon ng sariling isinasabuhay. Makakatulong sa tanong na ito si John Locke.

Bagaman hindi kasing radikal ng kay Hume ang kanyang pagdududa, may pagtatagpo ang kanilang pag-unawa sa pagka-ako ng tao. Ganito niya pinapaliwanag ang sarili:

> ... *an existing thinking intelligent being, that has reason and reflection, and can consider itself as itself, the same thinking thing, in different times and places; which it does only by that*

---

[6] *Ibid.*, 300. Ang salin ay akin.

[7] Tingnan ang Section III hanggang V ng David Hume, *An Enquiry Concerning Human Understanding* (Oxford: Oxford University Press, 2007).

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

> *consciousness which is inseparable from thinking, and, as it seems to me, essential to it* ...
>
> ... isang umiiral na nag-iisip at nakakaalam, isang may katwiran at kakayahang magmuni-muni, at may kakayahang iturin ang sarili bilang sarili, ito pa ring sariling nag-iisip, sa iba't ibang lugar at panahon; na nagagawa lamang sa pamamagitan ng kamalayang hindi mahihiwalay sa pag-iisip, at, para sa akin, esensiyal dito ....[8]

Para kay Locke, ang kamalayan ang sarili. Nakatali ang pagmamalay sa ako sa kakayahang makaranas at magpoproseso ng kaalaman. Ang kamalayang nananatili sa panahon at kalawakan ang bukal ng kaakohan ng tao at ng pagmamalay sa sarili bilang talagang naririto. Pinagpapatuloy niya ito:

> Dahil laging sinasabayan ng pagmamalay ang pag-iisip, at ito ang batayan ng pag-unawa ng lahat sa tinatawag na sarili, at sa ganoong paraan itinatangi ang sarili mula sa ibang mga nag-iisip, ito lamang ang batayan ng kasarinlan ng persona, i.e. sa pananatiling kanyang sarili ng isang makatwirang nilalang: at, hanggang mapapaabot ang kamalayan sa nakaraang kaisipan o gawain, ganoon din ang abot ng kanyang pagka-ako; ito pa rin ang sariling noon at ngayon; at pareho ang sariling kumilos noon sa sariling nagmumuni-muni ngayon tungkol sa nakaraang gawain.[9]

Nanatili ang ako sa panahon. Naiisip ng tao na may sariling nananatili bilang kanyang sarili dahil mayroon tayong pagmamalay sa nakaraang karanasan. Itong nakaraang karanasan ay nauunawaan natin bilang dinanas ng parehong sariling nararanasan ngayon. Malay tayo sa sarili bilang tagatagpo at tagatanggap ng karanasan sa mundo. Malay din tayo sa sariling tagatanggap ng karanasan mula noon at nananatiling siya pa rin anumang pagbabagong nagaganap sa mundo.

Para kay Locke, bunga ang paniniwala na may sarili ng pagmamalay na may isang tumatanggap sa pagprepresensiya ng mundo. Hindi lang ito isang tagatanggap kundi nakakaalala sa natanggap at bumubuo ng kaalaman

---

[8] John Locke, *An Essay Concerning Human Understanding* (New York: Penguin Classics, 1998). Chapter XXII. Ang salin ay sa akin.

[9] *Ibid*.

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

mula sa naaala-ala nito. Merong ideya ng ako dahil may nakakaalala sa kanyang inisip at ginawa. Dito natin masasagot si Hume tungkol sa sarili. Bakit may paniniwala ang tao na may sarili? Dahil may karanasan tayo sa isang tumatanggap sa pahayag ng mundo at nagpoproseso ng kaalaman at karanasan gamit ang kaisipan, at malay itong nagpoproseso sa pananatili nito sa panahon mula sa nakaraang karanasan tungo sa posibleng hinaharap.

Tinatanggihan ni Hume ang anumang pananaw ng sarili bilang isang umiiral na bagay. Para sa kanya, kathang-isip ang sarili na walang malinaw na batayan kundi sa karanasan na may isang dumaranas. Sa kanyang pananaw, bunga ang karanasan na merong sarili "mula sa tuloy-tuloy at walang sagabal na daloy ng mga kaisipan sa tren ng magkakaugnay na ideya."[10] Kaya masasabing epekto ang sarili ng proseso ng pagmamalay at hindi substansiyang umiiral. Kung tatanggapin ang teorya ni Locke, epekto ang sarili ng pakikitagpo ng kamalayan sa mundo at sa pag-alaala nito sa kanyang pakikitagpo sa panahon. Ang katiyakan na may sariling nananatili ay nagmumula sa alaala na nagpaparanas sa tao na may nagbubuklod sa mga nadarama, nararanasan, at naiisip; at nanatili itong ito sa pagdaloy ng panahon. Para din kay Hume, ang "alaala lamang ang nagbibigay malay sa atin na may ugnayan at kabuoan ang daloy ng mga nadarama."[11] Naniniwala siya na kung wala tayong alaala "wala tayong ideya sa prinsipyo ng pagsasanhi, ni walang pagmamalay sa kadena ng mga sanhi at bunga, na bumubuo sa ating pagkatao."[12] Pinahihintulutan tayo ng alaala na isipin na ang ating mga karanasan ay bahagi ng isang buong daloy at dahil din dito nagiging posibleng maniwala ang tao na talagang merong akong nananatili; dahil ang daloy ng mga karanasan ay nagmula sa nakaraan at patungo sa hinaharap. Tilang merong makabuluhang ako na nananatili para tanggapin ang mga karanasang naranasan, nararanasan, at mararanasan pa. Naiisip nating nananatili itong dumaranas dahil naaalala pa ang mga dinaanan nito. Sa ganitong pananaw, malapit si Hume kay Locke.

Wala talagang sarili, mayroon lang itong pangangailangang maniwala na meron itong "kung anuman, o bagay o substansiyang *orihinal*, bilang prinsipyo ng pagbubuo" na pinapangalanan nating sarili nang sa ganoon magkaroon ng sentro ng kaayusan at kabuoan ang ating mga karanasan.[13] Hinahabi ng alaala ang iba't ibang kaisipan, mga kaisipang walang likas na pagkakaisa o pagkakatulad, dahil kailangan ng tao ng ganitong kaayusan at pagkabuo. At para maging totoo para sa tao itong pagkakabuong ito, kailangan nating maniwala na merong sarili na tumatanggap at nagpoproseso ng lahat nang ito. Kailangan nating isipin na

---

[10] Hume, *Treatise*, 308.

[11] *Ibid*.

[12] *Ibid.*

[13] *Ibid*., 270-271.

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

kahit iba-iba at kalat-kalat ang mga pangyayari sa mundo, may iisang ako na tumatanggap nito at nagbibigay ng makahulugang kaayusan sa lahat ng tinatanggap. Para kay Locke, kamalayan ang nagbibigay ng kahulugan bilang isang talagang umiiral na sentro ng pagporposeso. Kung babasahin siya, posibleng maunawaan na itong umiiral na sentro ng pagbibigay kahulugan ang sarili. Subalit para kay Hume, walang talaga itong sarili. Iniisip lang natin na meron ito dahil nararanasan natin ang isang kilos ng kaisipan—ito ngang sentro na tagatanggap at tagaproseso ng kaalaman. Binubuo lang ng kaisipan itong ideya ng sarili dahil ito ang pinagmumulan ng posibilidad na makita ang lahat ng karanasan bilang maiipon sa isang makahulugang kabuoan.

Kung maniniwala tayo kay Hume, hindi talaga isang bukod tanging ako itong sarili na umiiiral na may katotohanang dapat ipatupad. Isa lang itong gunita na binuo ng kaisipan bilang isang bagay na may katuturan dahil ito ang namamalayan natin mula sa karanasan na may isang nananatili sa panahon na dumaranas sa mundo at naghahanap ng kaayusan dito. At dahil nararanasan natin na mayroon talagang isang nananatili sa panahon na tilang may identidad o nananatili bilang isang siya na hindi pabago-bago, naiisip natin na meron talagang ako na baka nga may kahulugan at katuturan:

> Dahil nagmumula lamang sa alaala ang ating pagmamalay sa pananatili at abot nitong pagsusunod-sunod ng karanasan, maaari natin itong ituring…bilang bukal ng personal na identidad. Kung wala tayong alaala, wala tayong kamalayan sa pagsasanhi, ni sa kadena ng mga sanhi at epekto, na batayan ng ating sarili o persona. Subalit dahil nabuo na itong kaisipan ng pagsasanhi mula sa alaala, maaari nating gamitin itong kadena ng pagsasanhi, at kaugnay nito ang identidad ng ating persona sa ibayo ng ating alaala, at maaaring unawain ang panahon, at pagkakataon, at kilos, na maaaring ganap nang nakalimutan, subalit sa kabuoang pinapalagay na umiiral.[14]

Walang duda na para kay Hume nagsisimula ang pagmamalay sa sarili sa alaala at ito ang buong batayan nito. Anuman ang kanilang pagkakaiba, pinatitibay ng teorya ni Locke ang pag-unawa ni Hume sa sarili. Pareho nilang pinapakita na ang paniniwalang may sarili ay epekto ng mga proseso ng kamalayan.

---

[14] *Ibid.*, 308. Ang salin ay sa akin.

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

Bakit natin pinag-uusapan ang teorya ni Hume kahit parang hindi ito malapit sa ating karanasan? Ito'y dahil makakatulong ang kanyang teorya sa isang mas mamalim at marahil mas tapat na pag-unawa sa sarili. Mahalaga ang kanyang teorya na ang ako ay epekto ng mga proseso ng kamalayan at hindi bagay. Ito ang kanyang mahalagang kontribusyon mula sa empirical na eskeptisismo. Hindi isang bagay ang ating pagka-ako, at sa kanyang pagsusuri, pinapakita niya na sa halip na isang matatag at umiiral na bagay, posibleng epekto ito ng kilos ng mga proseso ng kamalayan. Kaya, masasabi nating bunga ang sarili ng laro ng kilos ng kamalayan.

## Ang Karaniwang Karanasan ng Tao sa Sarili

Para linawin kung mahalaga nga ang teorya ni Hume sa paglilinaw ng pagka-ako ng tao, pag-usapan natin ang karaniwang karanasan ng sarili. Paano ba nararanasan ang sarili ng tao? Nararanasan ng tao ang sarili bilang isang nagtataglay ng halaga at katuturan. Hindi man sa nibel ng indibidwalismo ng modernidad, may pagpapahalaga ang karaniwang tao sa kanyang pagka-ako. Ang patunay ng paglibing ng mga tao ang unang palatandaan ng sibilisasyon. Ito'y dahil palatandaan ang paglibing na malay ang komunidad na may halaga ang sarili higit sa kanyang payak na pag-iral. Nakikita nila ang halaga ng paggalang sa pumanaw dahil makahulugan ang kanyang pag-iral bilang isang bukod tanging ako. Ibig nitong sabihin mayroong angkop na paggalang sa pagka-ako ng tao.

Makikita rin ito sa karanasan ng tradisyonal na Pilipino sa pagpapahalaga sa dangal. Ang dangal ay ang aspekto ng tao na nagpapahayag na ginagagalang at pinapahalagahan nang ayon sa nararararapat ang sarili. Hindi isang bagay ang dangal subalit aspekto ng sarili na nagpaparamdam kung hindi tinuturing ayon sa nararapat ang sarili. Kaya naman may mga taong handang mamatay o pumatay para ipagtanggol ang kanyang dangal. At maraming mga ritwal ng pakikipagkapwa para pangalagaan ang dangal ng tao.

Ano ang pinapahayag ng dangal tungkol sa sarili? Una, malinaw na pinapahayag nito na merong akong umiiral na maaaring ituring nang ayon sa nararapat o hindi. Ikalawa, ipinapahayag nito na maaaring mabuo o malabag ang nagmemerong ako. Samakatwid may karanasan tayo sa sarili bilang isang umiiral na kung-ano-man na may katiyakan at katatagan. May katiyakan ang ako dahil may nararapat at hindi nararapat na pagsasabuhay at pagturing sa sarili. Kung ganito nga, may katiyakan tayo ukol sa pag-iral ang ako. Subalit ano ang batayan ng katiyakang ito? May tradisyon na tinatanaw ito bilang tinakdang pagka-ako.

Maaaring isipin ang sarili bilang takdang pagka-ako. Tinutukoy nito ang karanasan ng sarili bilang isang umiiral nang may tiyak na pag-iral dala

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

ng nakatakdang esensiya. May takdang esensiya ang tao mula sa kung anumang bukal na kailangan niyang matuklasan at isabuhay. Kung tutuusin, maaaring sabihin na nararanasan na may dangal ang tao dahil may sarili siyang nakatakda bilang esensiya ng kanyang pagkatao. Maaaring isipin ang itinakdang pagka-ako bilang isang esensiya na nagbibigay depinisyon sa ating pagmemeron bilang tao. Kung ano ang mabuti, angkop, at nararapat para sa tao'y nakatakda na, binibigyang depinisyon ng kanyang esensiya na kinikilala natin bilang kanyang pagka-ako. May itinakdang ako na may itinakdang halaga. Batay sa itinakdang esensiya ng ako, may nararapat na pagsasabuhay nito at may nararapat na pakikipagsapalaran dito. Kaya naman may mga karanasan tayo ng hindi pagbubuo. Halimbawa, kapag pumasok sa hanapbuhay na lumalabag sa pagka-ako, masasabi ng tao na hindi ako nabubuo ng gawaing ito. O kung makagawa ang tao ng isang gawaing angkop sa kanyang esensiya, masasabi niyang nabubuo ako nito. Bakit may nakakabuo at may nakakasira? Dahil may takdang ako na isinasabuhay ayon sa nararapat. Kung hindi nagagawa ang nararapat ayon sa pagka-takda, hindi nabubuo ang sarili. Kaya kung kumilos ang kapwa sa paraang hindi ginagalang ang nararapat ayon sa itinakda nasasaktan ang dangal. Ganoon din, kapag kumilos ang tao sa paraang nilalabag ang nararapat ayon sa itinakda, maaaring sabihin na sinaktan niya ang sariling dangal.

Maitatanong natin kung nararanasan ba ng tao ang sarili bilang takdang pagka-ako? Tapat nga ba sa karanasan ng tao ang itinakda ng kanyang esensiya? Kung itinakda nga ang pagka-ako, ang nararapat lamang sa tao ay matuklasan ang kanyang mahiwagang esensiya at tupdin ito. Kumbaga, ang katuparan ng buhay ay pagsisikap na matuklasan ang esensiya ng sarili at patuloy na pagsunod dito. Subalit, ito ang pinupuna ni Hume—meron ba talagang matutukoy na buod ng paka-ako na nagtatakda ng aking pagiging ako? Hindi naaangkop ang ating karanasan sa sarili sa ideya ng itinakdang ako.

May dinamismong dala ang pagka-ako na hindi bunga ng esensiya. Patuloy ang pagtuklas ng tao sa kanyang mga posibilidad dala ng kanyang konkretong pag-iral sa buong panahon ng kanyang buhay. Patuloy na binibigyang depinisyon ang sarili ayon sa mga posibilidad na dala ng kanyang kalagayan. Subalit, hindi masasabing pabago-bago ito at walang batayan. May katatagan ang pagka-ako ng ako, subalit hindi ito batay sa takdang depinisyon. Batay sa ating karanasan ng pagtubo at pagpapayaman ng sariling pag-iral, nalalagay sa alanganin ang ideya na may itinakdang pagka-ako ang tao. Hindi talaga natin mapapatunayan kung oo o hindi dahil walang sukat ng patunay ang esensiya. Sa halip, maaari lamang maipakita kung mas mabunga ang alternatibo sa itinakdang pagka-ako.

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

## Ang Laro Ayon kay Derrida

Mahalagang panimula ang mga teorya ni Hume at Locke dahil nilalagay nito sa alanganin ang ideya ng ako bilang isang itinakdang batayan ng pagpapatupad ng pagkatao ng tao. Subalit, hindi nito ganap na napapaliwanag ang ating karanasan ng sarili maliban sa kung paano nagmumula ang katiyakan ng sarili sa ating karanasan ng ako bilang isang taga-proseso ng karanasan na nananatili sa panahon. Hindi nahuhuli ng eskeptisismo ng empirisismo ang karanasan ng tao sa kanyang pagka-ako maliban sa pagiging isang taga-proseso ng karanasan at bunga ng mga proseso ng pag-danas at pag-unawa. Subalit sinubukang ipakita sa nakaraang bahagi na higit ang sarili sa di-inaasahang epekto ng mga proseso ng kamalayan. Iba ang pagka-ako sa pagiging isang makinang taga-proseso. Mas malapit sa karanasan ng karaniwang tao ang sarili bilang isang ako na malayang isinasabuhay nang ayon sa kanyang pagka-ako. Subalit maaari nating makita kay Hume na dinamiko ang sarili dahil sangkot ang pag-iral nito sa dinamismo ng mga proseso ng pag-iral ng kamalayan sa mundo. Malaking bahagi ng karanasan ng tao ang dinamismong ito.

Tulad ng ipinapakita ni Locke, sa anumang bahagi ng buhay ng tao, malinaw na siya pa rin siya. Subalit ano nga ba itong nanatiling ako? Isa ba itong estatikong esensiya na nagtatakda sa pagmemeron ng tao mula sa simula ng pagmemeron? Mas totoong sabihin na mula sa pagkabata hanggang sa pagtanda, nananatili sa tao ang karanasan na ako pa rin ako subalit, sabay nito, hindi lang ako yung dating ako at may dala akong pangako ng meron pa. Ako pa rin ang batang kumakapit sa aking nanay kapag may kulog subalit hindi na rin ako ang batang iyon dahil tatay na ako at naranasan nang kapitan ng aking mga anak kapag kumulog nang malakas. Ako pa rin ang batang guro na nangangapa sa pagpapaliwanag sa *eidos* ni Husserl sa mga estudyante pero hindi lang ako ang gurong iyon dahil propesor na ako at mas malalim na ang pag-unawa sa *eidos* at mas malinaw na magpaliwanag sa mga estudyante. Ito ang karanasan ng sarili: sabay na nananatili akong ako, subalit hindi lang iyong ako ng nakaraan at laging meron pa. Batay sa karanasang ito, madali sanang isipin ang sarili bilang isang entidad na walang katatagan sa kanyang pagka-sarili. Subalit hindi lang isang umiiral na walang malinaw na kasarinlan at matatag na identidad ang sarili dahil anumang pagbabago na nangyayari sa buhay ng karaniwang tao, nararanasan niya ang sarili bilang nananatiling ako na isinasabuhay ayon sa nararapat. Para mapaliwanag ito, hiramin natin ang teorya ng Derrida sa laro ng *différance*.

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

Para kay Derrida, may larong nagbibigay sa pagpepresensiya ng mga nagpepresensiya. Ito ang laro ng *différance*.[15] Ito ang hindi nagmemeron o nagpepresensiyang laro na ginagawang posible ang pagpepresensiya ng mga nagmemeron bilang laro. Makikita natin ito sa pagtalakay niya ng kilos ng *différance* bilang laro ng wika. Ang mga salita ay may matatag na kahulugan batay sa laro ng talaban ng mga iba't ibang salita. Kumbaga, kung nais ninomang maunawaan ang kahulugan ng anumang salita, kailangan itong ipaliwanag sa kanya gamit ang ibang mga salita sa wika. Ito'y dahil binibigay ang kahulugan ng salita ng laro ng talaban ng mga iba't ibang salita na may kaugnayan dito. Bunga ang katatagan ng kahulugan ng anumang salita ang talaban ng mga salitang kasangkot sa laro ng pagbibigay kahulugan sa wika. Laro ito ng *différance* dahil tinutukoy ng *différance* ang pagtatalaban ng iba't ibang mga salita na may sarili nilang kahulugan at lugar sa isang wika. Sa laro ng pagkakaibang ito, nakasangkot ang bawat isa sa matatag na lambat ng kaugnayan. Isa itong talaban ng mga bagay na magkakaiba subalit nasa relasyon ng pagtatalaban ang laro ng *différance*. Ang buong larangan ng wika ay laro ng talaban ng mga salitang nagkakaiba. Ito ang laro ng *différance*. Dahil sa larong ito, lumilitaw ang mga salita na may katatagan sa sariling kahulugan. Dahil sa dinamismo ng laro ng *différance,* nagiging posible ang pagpepresensiya ng salita sa tiyak nitong kahulugan at wika sa tiyak nitong pagbibigay kahulugan.[16] Sa ganito ring paraan, nagpepresensiya ang lahat ng umiiral. Madiing sinasabi ni Derrida na "walang eksistensiya o esensiya" ang *différance* na batayan ng pagpepresensiya ng mga bagay.[17] Ito ang mismong batayan ng posibilidad ng pagpepresensiya ng anumang nagprepresensiya.[18] Tulad ng sa salita, laro ng *différance* ang buong katalagahan na, sa pagtatalaban ng mga samu't saring nagmemeron, binibigay ang bawat nagpepresensiya bilang nagprepresensiya.

Binibigay ng laro ng pagtatalaban ang buong katalagahan. Bahagi ang lahat ng nagmemeron sa tensiyon ng dinamismo ng pagtulak at paghatak, pagbigay at pagtanggap. Isipin ang kahit anong nagpepresensiya bilang bagay, halimbawa, ang bituin. Laro ng talaban ng mga atom ng hydrogen ang anumang bituin tulad ng ating sariling araw. Bunga ang pagsinag nito sa kalawakan ng masalimuot na laro ng pagtatalaban ng mga atom na ito. Subalit hindi lang ito. Hinuhubog ang pagpepresensiya ng araw ng ibang mga bituin, planeta, at ng dimabilang na mga bagay sa kalawakan na nakikipagtalaban sa araw.

---

[15] Jacques Derrida, "Différance," in *Margins of Philosophy* (Chicago: University of Chicago Press, 1982), 5.

[16] *Ibid*., 6.

[17] *Ibid.*

[18] *Ibid*.

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

Maiisip natin ang anumang nagprepersensiya sa katalagahan bilang binibigay ng laro ng *différance*. Nagpepresensiya ayon sa larong nagbibigay ang anumang mineral, halaman, o hayop. Ganyan ang aso mo dahil binibigay ito ng laro ng pagtatalaban ng katawan nito, ng kanyang kasaysayan, ng kasaysayan ng kanyang species, ang kanyang kapaligiran, ang kanyang kapanahunan, at ang kanyang kaugnayan sa pamilyang nag-aalaga sa kanya. Ganoon din si Crisostomo Ibarra, bilang nagpepresensiya na likhang sining: bunga ng laro ng buhay at karanasan ni Rizal, ng impluwensiya ng kanyang kapanahunan at kilos ng pagbabago ng kamalayan nito, at ng kasaysayan ng mga nobelang kanluranin, ng *Pasyon*, at karanasan ng mga Tagalog, lalo na ng mga *ilustrado*. Nasa laro ang buong katalagahan. Ito'y larong nagbibigay sa pagpepersensiya ng lahat ng nagpepresensiya. *Différance* ang tawag ni Derrida sa larong ito.

Kahit ang sarili ay nagpepresensiya ayon sa pagkabinigay nito ng laro ng *différance*. Mapagdudadahan man na merong takdang pagka-ako, hindi mapagkakailang merong ako na nagpepresensiya. Nagpepresensiya ang ako hindi lang bilang isang tagapagtanggap ng karanasan at nagpoproseso nito, kundi bilang nagtataglay ng dangal, na may tiyak na pag-iral na maaaring mabuo o di-mabuo, na umiiral nang tapat o hindi tapat sa kanyang pagka-ako. Meron talagang ako na umiiral at kailangang isabuhay ayon sa nararapat. Subalit kung walang akong itinakda, saan nagmumula ang katiyakan at katatagan ng nagpepresensiyang ako? Sa usapang ito nagiging mahalaga ang teorya ng *différance*.

Para kay Derrida, hindi natin masasabing umiiral ang mga nagpepresensiya (maging bagay, hayop, o likhang sining) nang parang may matatag at nakatakdang *nuclei*.[19] Sa halip, nagmumula sa pagbibigay ng laro ng *différance* ang katatagan ng anumang nagpepresensiya. Laro din ang nagbibigay ng sarili. Binibigay ang aking pagka-ako ng laro ng aking kasaysayan (personal, pang-angkan, pambansa, pandaigdig, at ng sangkatauhan), ng aking pangangatawan (dala ang kalusugan at mga kondisyong bunga ng kalagayan nito), ng kalagayang sikolohikal (na hindi lang dala ng pisikal na kalagayan ng katawan), klima, heograpiya, at ibang mga aspekto ng laro na nagbibigay sa akin ng sariling katangian. Sangkap ang lahat ng elementong binanggit sa laro ng pagtatalaban na binibigay ako sa pagprepresensiya.

Ang *différance* ang larong nagbibigay sa aking pagka-ako. Dahil binibigay ako ng laro, maituturing laro ang aking pagka-ako. Batay sa timpla ng mga elemento ng laro na nagbibigay sa sarili, nagkakahugis ang aking pagka-ako. Ayon sa timplang ito, umiiral ako na taglay ang mga katangian na nagbabalangkas ng aking pagka-ako. Ito ang nagtatakda kung ano ang

[19] *Ibid.*, 10.

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

mabuti at nararapat, angkop at hindi angkop, sa aking pagkatao. Talinhaga itong timpla at balangkas na nagpapahayag na merong katatagan ang pepresensiya ng ako batay sa aking pagkabinigay ng laro. Meron talagang paraan ng pag-iral na tapat sa aking pagkabinigay ng laro. Hindi ito tulad ng sariling ipinapalagay nila Hume at Locke; isang makinang bumubuo ng makahulugan karanassan mula sa datos ng pandama. Ang akong binibigay ng laro ay isang dinamikong pag-iral na mulat na sinusubukang mabuhay ayon sa nararapat ayon sa pagkabinigay ng laro ng *différance*. Hindi lang ito isang palagay ng kamalayan upang epektibong maproseso ang datos na natatanggap nito. Meron talagang umiiral na ako na bunga ng laro. Pagpepresensiyang binibigay ng laro ang pagmemeron nito: hindi ng substansiya o ng palagay ng katwiran. Kaya kailangang kilatisin ang akong binibigay ng laro nang sa ganoon mapanatiling buo ang pagpepresensiya ng ako.

Ito ang karanasan ng tao: may mahiwaga siyang pagka-ako na hindi mabigyang depinisyon subalit tiyak na nagpepresensiya at may taglay na balangkas ng nararapat—balangkas na kapag natutupad ay nagdudulot ng pagbubuo, at kapag nilabag, nayayanig ang pagka-ako. Mahiwaga ang pagka-ako dahil ito'y nagpepresensiya bilang laro na binibigay ng dinamikong laro ng *différance*. Matatag ang pag-ako dahil sa tiyak na katangiang bunga ng laro ng *différance*. Bunga ng tensyon ng interaksiyon ng mga elementong nagtatalaban, merong estruktura o balangkas na nabubuo. Dinamiko ito dahil nagbabago ang timpla ng pagpepresensiya kung may mga elemento ng laro na nagbabago. Subalit hindi arbitraryo ang mga pagbabago ng larong nagbibigay, gaya halimbawa sa likhang sining.

Nakatakda na ang pagtugtog ng Opus 61 Concierto para sa solong biyolin mula nang sinulat ito ni Beethoven noong 1806. Marami sa mga pinakakilalang *orchestra* (hal., Berlin Philharmoniker at Royal Philharmonic Orchestra), mga biyolinista (tulald ni Itzhak Perlman, Anne-Sophie Mutter, at Jascha Heifetz), at mga konduktor (Leonard Bernstein, Von Karajan, at Toscanini) ang tumugtog nito. Masasabing nakatakda na kung papaano magpepresensiya ang piyesang ito dahil nakasulat na at nilagda ang bawat nota, areglo ng instrumento, at kumpas nito. Subalit sa bawat pagtugtog nito, may bukod tangi itong presensiya. Ito'y dahil laro ng pagtatalaban ng iba't ibang elemento ang pagpepresensiya ng piesang ito. Naroon ang sinulat na piyesa, naroon ang mga iba't ibang tagapagtugtog, at naroon din ang iba't ibang manonood, lugar, at kapanahunan. Bahagi ang lahat ng ito ng dinamismo ng partikular na pagpepresensiya ng Opus 61. May iba't ibang timpla ang mga *orchestra*, depende sa mga tumatao nito, sa pakikiugnay ng mga tao dito, sa siyudad na inalalagyan nito, at sa mga ideya ukol kay Beethoven noong mga panahong ito. Ito ang dahilan kung bakit nangongolekta ang mga nagmamahal sa Opus 61 ng iba't ibang plaka nito.

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

Hindi ganap na pareho ang bawat pagpresensiya ng mga ito. May posibleng hiwaga ang bawat bukod-tanging presensiya nito—at madalas meron nga. Depende sa timpla ng pagtatalaban ng mga dinamikong elementong ito, magpepresensiya ang piyesa. Masalimuot na tensyong ang laro ng pagbibigay ng musikang ito, may balanse ng tunog at damdamin ang larong ito. Makikita natin ito sa kalikasan.

Bagaman binibigay ng laro ng *différance* ang pagpepresensiya ng isang masalimuot na *biome*, *galaxy*, at katawan ng tao, may katatagan ang mga ito. Ilang bilyong taon nang nananatili sa partikular na laro ng pagpepresensiya ang Andromeda *galaxy*? Walang nagbabalangkas dito kundi ang laro ng talaban ng mga elemento ng laro nito. Subalit naroon ang katatagan. Maaari din nating gamiting halimbawa ang katawan at *biome* na may larong-balangkas na kung hindi ginalang, hindi magiging malusog. Posible na kung may radikal na pagbabago sa laro ng pagbibigay na magbago rin ang balangkas ng kalusugan ng mga ito. Subalit, nakasalalay sa partikular ng larong nagbibigay ang nararapat sa *biome* at katawan. Ganoon din ang ako.

Larong binibigay ng larong nagbibigay ang ako. Batay sa pagkapartikular ng pagka-ako, may balangkas ng pagmemeron ang tao. Binabalangkas ng larong nagbibigay kung ano ang nararapat na pagpapatupad ng kanyang pagkatao nang manatiling buo. Ang larong nagbibigay ang bukal ng sabay dinamismo at katatagan ng larong pagka-ako. At ito rin ang batayan ng hiwaga ng pagmemeron ng tao. Wala ngang *nucleus* na nagtatakda ng pagka-ako subalit may larong nagbabalangkas ng papepresensiya nito. Laro ang aking pagka-ako na tinutupad ayon sa nararapat. Subalit binabalangkas ang nararapat ng dinamikong laro at hindi ng takdang esensiya.

Mahalaga ang kontribusyon ng teorya ng *différance* ni Derrida dahil nakapagbibigay ito ng sagot sa puna ni Hume sa ideya ng maypagkabagay na sarili. Totoong walang takdang ako. At totoo din na nararanasan natin ang sarili bilang isang nanatili sa panahon na tumatanggap sa karanasan at pinoproseso ito. Subalit hindi lang makinang nakakaranas at nagpoproseso ng datos ng karanasan ang sarili kundi isa ring ako na malay sa sarili bilang isang kabuoang kailangang isabuhay ayon sa nararapat o sa paraang angkop. Subalit ang ang katatagan ng larong nagbibigay ang batayan ng naaangkop sa ako. Larong pagka-ako ang akong binibigay ng laro ng *différance*. Laro ang pagpepresensiya nito at binabalangkas ng laro ang katatagan ng sarili. Kaya, hindi kailan man nakatakda na ang sarili ng tao kundi isang katatagang dinamiko na sumasabay sa walang hanggang laro na nagbibigay dito. Hindi pabago-bago ang ako dahil may batayan ang katatagan nito. Subalit hindi rin ito statiko dahil habang nagbabago ang timpla ng larong nagbibigay dito, mahalagang sabayan ang timpla dahil dito nababatay ang balangkas ng pagpepresensiya ng sarili. Sa panghabang-buhay ng taong nagpapakatao,

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

mahalaga ang patuloy na pangingilatis dahil bagaman ikaw pa rin ang ama ng iyong anak noong siya'y bata pa, may ibang timpla ang iyong pagiging ama ng parehong anak na 34 na taong gulang na.

Kapag nauunawaan natin ang sarili bilang binibigay ng laro ng *différance*, mas madaling makita na meron ngang sarili: isang sariling mahiwaga, at bunga ng walang hanggang larong humuhubog sa sariling pagka-ako. Mas mauunawaan na rin natin kung bakit mahalaga na maging tapat sa larong pagka-ako dahil may katatagan ang pagbibigay ng larong nagbibigay.

## Ang Larong Pagka-Ako at Ang Karanasan ng Loob

Higit na mapapalalim ang ating pag-unawa sa sarili kung pagmumuni-munihan ang karanasan ng loob ayon kay Albert Alejo,[20] Katrin de Guia,[21] at Virgilio Enriquez.[22] Ayon kay Alejo, maaaring nakaugat sa ating karanasan ng loob ang karanasan ng sarili.[23] Interesante ang pagsusuri sa karanasan ng sarili bilang karanasan ng loob dahil, tulad ng ipinakita sa naunang bahagi, mas madalas iniisip ang sarili bilang ubod. Tila karanasan ng kalawakan itong loob, i.e., bilang lugar o larangan. Subalit, ipapakita natin dito na ang karanasan ng loob ay maaaring magpalalim ng pag-unawa sa sarili bilang larong pagka-ako.

Kung tutuusin, hindi naman nalalayo ang karanasan ng loob sa kanluraning pag-unawa na may "*interiority*" ang sarili.[24] May kaugnayan din ang *interiority* sa pinakamalalim na karanasan ng sarili at may aspekto ng espasyo. Subalit kung susuriin ang karanasan ng *interiority*, tulad ng *interiority* ni San Anselmo, ito ang lugar sa buod ng tao kung saan nakakaatras ang tao mula sa mundo at maaaring panandaliang manahan sa presensiya ng Diyos.[25] Maganda ring halimbawa ng kanluraning *interiority* ang karanasan ng modernong tao na kinakatawan ni Descartes noong ginawa

[20] Albert Alejo, S.J., "Loob ng Tao," in *Social Transformations Journal of the Global South*, 6 (May 2018) at Albert Alejo, S.J., *Tao Po! Tuloy!* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1990).

[21] Katrin de Guia, *Kapwa: The Self in The Other* (Pasig City: Anvil Press, 2005).

[22] Virgilio G. Enriquez, *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1992), 49-57.

[23] Alejo, "Loob ng Tao," 6ff.

[24] May mahalagang pagtatalakay dito si Jaques Maritain sa *Creative Intuition in Art and Poetry* (New York: New American Library, 1953), 80ff.

[25] Anselm of Canterbury, *Monologion and Proslogion with the Replies from Gaunilio and Anselm*, trans. by Thomas Williams (Indianapolis: Hackett Publishing Company, Inc., 1995), 97. "'Enter into the chamber' (Matthew 6:6) of your mind, shut out everything but God and whatever helps you to seek him, and seek him 'behind closed doors' (Matthew 6:6)."

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

niya ang mga *Mga Meditasyon Hinggil sa Unang Pilosopiya*.[26] Sa obrang ito, sistematiko niyang tinalikuran ang mundo. Sistematiko siyang umatras mula sa mundong kinasasangkutan, kahit ag pagsasakatawan, hanggang marating ang kamalayang hiwalay sa anumang pagpepresensiya ng mundo.[27] Hindi ganito ang karanasan ng Pilipino sa *loob*. Wala tayong *loob* na mahihiwalay sa mundo. Magsimula tayo sa pagtalakay sa pagkakaiba ng loob sa *interiority* para linawin ang karanasan ng mga Pilipinong ginagamit ang salitang loob para sa sarili.

Kung lihim na kuwarto (tinutukoy dito ang silid ng mga modernong tahanan na masasara upang makapagsarili hiwalay sa ibang tao sa bahay o komunidad) ang *interior* ng sariling kanluranin, bahay kubo ang loob ng tao.[28] Makikita sa loob ng tradisyonal na bahay ang hugis ng loob sa karaniwang karanasan ng mga tradisyonal na Pilipino. Lugar na hiwalay sa labas tulad ng karaniwang bahay ang loob ng bahay kubo. May dingding, sahig, at bubong ito na hinihiwalay ang loob sa labas. Subalit, kahit isara ang mga bintana at pintuan, ang loob ng kubo'y pinapasukan pa rin ng liwanag ng araw, ng samu't saring tunog mula sa labas, at ng simoy ng hangin na nagdadala ng ginhawa. Kahit nasa loob ka at nakasara ang lahat, sangkot ka pa rin sa labas. Lalo na't kapag nakabukas ang mga bintana at ang pinto (na madalas hindi sinasara kung walang panganib), higit pang nakasangkot ang loob sa labas. Kaya ang taong nasa loob ay laging kasangkot ang labas. Masasabing hindi taguan mula sa labas ang loob kundi lugar ng pagbubukas at pagtatanggap dito.

Ganito rin ang karanasan natin sa loob ng tao. May likas na oryentasyon sa labas bilang tagatanggap ng karanasan ang loob ng tao. Subalit itong pagtanggap ng karanasan ay hindi lamang isang pagpoproseso para umunawa. Sa halip, pagtanggap ang pagbukas. Nagbubukas ang loob sa labas para tanggapin ito. Parang sa pagtanggap ng bisita, tinatanggap ang nakikitagpong ka-iba, o yung hindi akong nauuwi sa sarili pag-unawa o pangangailangan, upang matugunan ang pagpepresensiya nito ayon sa nararapat. Masasabi natin na isinasaloob o tinatanggap sa loob ng ako ang nagpepresensiyang mundo upang iangkop ang ating loob sa nakikitagpo. Tinatanggap ng loob ang nagpepresensiya mula sa labas upang maiangkop ang loob sa nagpepresensiyang ito. Tila kabalintunaan ito dahil madalas nagbubukas ang loob sa nakakatagpo upang ito'y maiuwi sa kaayusan ng loob. Halimbawa sa pag-uwi ng katagpo sa sarili ang pagkain ng isang

[26] Rene Descartes, *Mga Meditasyon Hinggil sa Unang Pilosopiya*, trans. by Emmanuel C. de Leon (Maynila: Aklat ng Bayan, 2023).

[27] Rene Descartes, *Meditations on First Philosophy with Selections from the Objections and Replies*, trans. by Michael Moriarty (Oxford: Oxford University Press, 2008).

[28] Alejo, "Loob ng Tao," 1-2.

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

hayop. Subalit, kapwa ang loob. Hindi ito larangan ng pagkonsumo kundi sisidlan ng sarili at tanggapan ng presensiya ng iba.

Kaya masasasabi na hindi lihim na kuwarto ang loob. Sisidlan ang loob, lugar kung saan tinatanggap ang lahat upang mapayaman ang laro ng sarili sa mundong kinalalagyan. Hindi kuwarto kung saan tinatago ang ubod ng sarili ang loob, kundi sisidlan kung saan nagaganap ang laro ng pagbibigay na binibigay ang sarili. Ito para sa akin ang halaga ng karanasan ng loob sa pag-unawa sa larong pagka-ako. Hindi marahil ang sarili ang loob subalit sa loob tinatanggap o isinasaloob ang mga elemento ng laro ng sarili at sa loob din nagaganap ang laro ng sarili. At mula sa loob, kung saan nabubuo ang larong pagka-ako, nagmumula ang malikhaing kilos ng sarili sa katalagahan.

Nagmumula sa loob ang kilos ng tao sa katalagahan o ang kanyang pagpapatupad ng sarili. Sa loob nanggagaling ang lakas (lakas ng loob), katatagan, paninindigan, at pagsisikap kumilos sa mundo para maisatupad ang sarili.[29] Kapag sinasabi natin na iniipon natin ang sarili sa loob, binubuo natin ang binibigay ng laro sa isang tiyak na pagdirito sa mundo. Pag-iipon ng sarili sa tiyak na pagdirito ang pagpepresensiya ng sarili sa katalagahan sa paraang tapat sa pagkabinigay nito. At ayon sa kanyang pagkabinigay, isinasaloob niya ang mula sa labas at inaangkop ang pagpepresensiya bilang tugon dito. Ang aking pagka-ako ay nagaganap sa loob na sisidlan ng laro. Hindi buod ng ako ang nasa loob. Laro ng loob ang nagaganap sa loob at mula sa loob ipinapatupad ang sarili sa labas.

Tunay lang nabubuo ang loob kapag ito'y may pagkakaisa sa labas. Sa pagkakaisang ito nagmumula ang karanasan ng kaginhawahan. May malinaw na paglalarawan ang bandang Asin sa kalagayan ng kaginhawahan sa kanilang kantang "Ang Mahalaga:"

> Payapa, di lang tahimik
> Panatag, di lang kalmante
> Bawat umaga may pag-asa.

Ito ang karanasan ng tao sa kalagayan ng kaginhawahan. Siya'y payapa, panatag, at may pag-asa. Hindi lang siya nasa mabuting emosyonal at pisikal na kalagayan. Siya'y nasa mas mataas na uri ng pagkabuo, ang pagkabuo ng sarili. Ito ang kabuoang dala ng pagiging iisa sa mundong kinalalagyan. Maginhawa ang sarili bunga mapagbuong pakikisangkot sa mundong kinalalagyan.

---

[29] Leonardo Mercado, "Soul and Spirit in Filipino Thought," in *Philippine Studies*, 39 (1991), 287-302.

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

Nagkarooon ng kaginhawahan kapag ang pinakapundamental na pangangailangan ng tao'y nakakamit. Meron siyang pagkain kapag nagugutom, "lupa na mabubungkal/At pagtatamnan ng mga pangarap," "tahanan, hindi lang bahay / Pamilya na nagkakaisa / Magkakasama sa hirap at ginhawa."[30] Kung papansinin, ang pundamental na pangangailangan ng tao'y magkaroon ng malikhaing pagsangkot sa katalagahan nang maipahayag ang sariling pagkamalikhain. At nagiging malikhain ang gawain ng tao kapag nakikisangkot siya sa katalagahan nang tapat sa akong binibigay ng laro sabay sa pagiging tapat sa mundong binibigay din ng laro. Ito ang dahilan kung bakit may oryentasyong palabas ang loob.

Nabubuo lang ang sarili kapag may malikhain itong kaugnayan sa labas. Bahagi ng pagkatao ang pagiging kapwa: kapwa sa kapwa tao at kapwa sa katalagahan. Tinutukoy nitong pagiging kapwa ang kalagayan ng pagkakaisa sa mga nagmemeron. Hindi nito sinasabi na walang kasarinlan o sariling pagmemeron ang bawat nagpepresensiya. Subalit, bagaman may kasarinlan at hiwalay na pagmemeron, magkaugnay ang bawat umiiral dahil may pundamental silang pagkakasangkot. Tulad ng naipakita sa nakaraang talata, sangkot ang pagkabuo ng loob sa pagiging tapat sa pagpepresensiya ng kapwa meron. Hindi mabubuo ang loob kung hindi nito ginagalang ang pagpepresensiya ng kapwa. Ito'y dahil kasangkot ang bawat isa sa laro na nagbibigay. Kaya hindi nabubuo ang ako kung hindi nito ginagalang ang kapwa meron na kabahagi niya sa larong nagbibigay sa isa't isa. Napapanatag o nabubuo lang ang loob kapag tinutupad nito ang pagiging kapwa sa kapwang nagpepresensiya sa kanya. Bilang kapwa nakikilala niya na ang bawat isa'y kasing halaga niya, at bahagi rin ng malikhaing laro na nagbibigay sa bawat isa.[31] Dahil dito, nararanasan ng bawat ako na may malalim na kaugnayan siya sa bawat kapwa meron. Ito ang dahilan kung bakit ang ating mga ninuno'y naniwala na may mga hindi nakikitang persona sa kalikasan. May diwatang nag-aalaga ng bundok, ilog, halamanan, at hayop. At hinihingi ng mga ito ang paggalang sa kanilang sarili at sa kanilang inaalagaan. Hinihingi ng mga espiritu ang pakikibahagi ng mga tao sa isang kaayusan ng mga kapwang nananagutan at nagpapayaman sa pag-iral ng bawat isa. Tayo'y sangkot sa isang laro ng kapwa pananagutan dahil sangkot ang bawat isa sa laro ng pagbibigay sa bawat isa. [32] May mas malalim pa itong kahulugan para sa kapwa tao.

Higit sa pagiging kapwa sa laro ng pagbibigay, nararanasan natin ang kapwa tao bilang kapwa loob. Hindi siya ibang tao sa akin dahil tumatalab siya sa loob ko at ganoon din ako sa kanya. Dahil sa pagiging

---

[30] Asin, "Ang Mahalaga," *Pag-ibig, Pagbabago, Pagpapatuloy* (Vicor Music, SDC-070: 2002).

[31] de Guia, *Kapwa*, 9.

[32] Grace Nono, *Song of the Babaylan (*Quezon City: Institute of Spirituality in Asia, 2013), 62ff.

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

kapwa loob, nabubuo ang isang nibel ng pagkakaisa kung saan masasabing hindi iba sa akin ang aking kapwa tao. Sa malalim na pagtagos sa isa't isa, nahahanap ko ang aking sarili sa kapwa. Nagiging akin ang kanyang pagdurusa. Ang kanyang pagkabigo'y akin din. Ganoon din ang kanyang kaligayahan at kaginhawahan. May malalim na pagtagos ang mga kapwa tao sa isa't isa sa punto na nakukutuban ng mga loob ang kalagayan ng bawat isa at nakasalalay ang aking pagkabuo sa pagkakaisang ito. Hindi ito dahil wala kaming kasarinlan o pagka-ako. Ako'y ako ayon sa aking bukod tanging pagkabinigay ng laro. Ganoon din siya. Subalit, pinagkakaisa kami ng aming loob. At sa pagkaisa na ito, nararanasan kong sangkot siya ang aking pagkabuo. Hind mapapalagay ang loob hangga't nasa masamang kalagayan ang loob ng aking kapwa dahil nakabuklod sa kanya ang pagkabuo ko.

Dala ng malalim na pagtatalaban ng loob, nararanasan ng mga kapwa tao ang isang metapisikal o mistikal na kaugnayan. Bagaman may kasarinlan ang bawat ako, iisa ito sa kapwa sa paraan na may magkakabuklod sila loob sa loob. Tiyak na nauunawaan natin ang ating kapwa gamit ang ating mga pandama at konsepto, subalit sa mga magkabuklod na loob, nararamdaman nito bilang kutob na mismong nagmumula sa ugnayan ng mga loob sa isa't isa.[33] Ito'y pagbubuklod hindi lamang ng kaugnayan subalit mismong sa pagkakaisa ng mga loob. May direktang kutob sa loob ng kapwa na walang namamagitan. Ang bawat loob na malay sa sarili bilang loob at bukas sa pakikipagkapwa loob ay nakakaramdam ng diretsong kutob sa loob ng kapwa. Bagaman hiwalay ang mga kapwa sa isa't isa, dahil sila'y kapwa loob, nararamdaman at nauunawaan nila ang isa't isa mula sa loob. Makakatulong dito ang talinhaga ni Alejo.

Para kay Alejo, parang kapuluan ang pagiging kapwa ng mga tao. Mukhang magkakahiwalay ang bawat isla subalit kung sisisirin ang kalaliman ng dagat, makikita na nagkakaisa ang mga ito, dahil iisang lupa lang ang pinagmumulan o kinatatayuan nila. Iisang meron ang bukal ng kanilang loob. Kaya may kakayahan ang bawat isang maunawaan ang ligaya, dalamhati, at pagdurusa ng kapwa mula sa loob. Bilang bahagi ng iisang laro ng pagbibigay ng isa't isa, may malalim na palagayan at pagkakaisa ang loob.[34]

Makikita sa karanasan ng ako bilang loob ang lawak at yaman ng larong pagka-ako. Nakasalalay sa kanyang pagiging tapat sa kapwa ang pagkabuo nitong masalimuot na larong pagka-ako na binibigay ng larong nagbibigay. Hindi basta ipinapatupad ang pagiging ako ayon sa arbitrayong pagnanais ng sarili. Sa halip, kailangan niyang isaloob ang labas at maging

---

[33] de Guia, *Kapwa*, 8.

[34] Alejo, "Loob ng Tao," 15ff.

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

tapat sa laro ng pagpepresensiya ng kapwa meron. Nakasangkot ang aking pagka-ako sa pagpapatupad ng sariling pag-iral sa paraang tapat sa mga kapwang kasapi sa laro. Ito ang batayan ng katatagan ng sariling pagmemeron.

## Pagwawakas

Sa pagmumuni-muning ito, hinarap natin ang kritisismo ni Hume sa ideya ng pagka-ako. Malinaw na para sa kanya, walang batayan ang pagsisikap ng taong ipatupad ang kanyang sarili dahil walang malinaw na batayan ang ating pagka-ako. Subalit, dahil hindi maikakaila na may malalim na kamalayan ang tao sa kanyang bukod tanging pagka-ako na may katuturan ang pag-iral. Mahalagang hanapin ang ugat ng karanasan ng pagiging ako ng tao habang kinikilala ang halaga ng kritisismo ni Hume. Ang pagmumuni-muni sa sarili bilang larong pagka-ako na binibigay ng laro ng katalagahan ang nagpapaliwanag na ang ako ay hindi makinang tagaproseso ng datos ng pandama, at hindi rin ito isang takdang pagka-ako na isinasatupad ayon sa esensiyang itinakda. Mas maipapaliwanag ang dinamismo ng sarili kung pag-uusapan ito bilang laro na may katatagan at dinamismo. Kapag nakilala ng tao ang tensyong ito sa pagsasabuhay ng sarili, naisasatupad niya ang pagkamalikhain ng kanyang pagpapatupad ng sarili sa mundo kasama ng kapwa nagmemeron.

*Department of Philosophy*
*Ateneo de Manila University, The Philippines*

## References

Alejo, Albert, S.J., "Loob ng Tao," in *Social Transformations: Journal of the Global South*, 6 (May 2018).

___________, *Tao Po! Tuloy!* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1990).

Anselm of Canterbury, *Monologion and Proslogion with the Replies from Gaunilio and Anselm*, trans. by Thomas Williams (Indianapolis: Hackett Publishing Company, Inc., 1995).

Asin, "Ang Mahalaga," *Pag-ibig, Pagbabago, Pagpapatuloy* (Vicor Music, SDC-070: 2002).

Chugh, Abhinav, "What Is 'The Great Resignation'? An Expert Explains," in *World Economic Forum* (29 November 2021), <https://www.weforum.org/stories/2021/11/what-is-the-great-resignation-and-what-can-we-learn-from-it>.

de Guia, Katrin, *Kapwa: The Self in The Other* (Pasig City: Anvil Press, 2005).

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

Derrida, Jacques, *Margins of Philosophy* (Chicago: University of Chicago Press, 1982).

Descartes, Rene, *Meditations on First Philosophy with Selections from the Objections and Replies*, trans. by Michael Moriarty (Oxford: Oxford University Press, 2008).

___________, *Mga Meditasyon Hinggil sa Unang Pilosopiya*, trans. by Emmanuel C. De Leon (Maynila: Aklat ng Bayan, 2023).

Enriquez, Virgilio G., *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1992).

Hume, David, *A Treatise on Human Nature* (London: Penguin Book, 1985).

___________, *An Enquiry Concerning Human Understanding* (Oxford: Oxford University Press, 2007).

Locke, John, *An Essay Concerning Human Understanding* (New York: Penguin Classics, 1998).

Maritain, Jacques, *Creative Intuition in Art and Poetry* (New York: New American Library, 1953).

Mercado, Leonardo, "Soul and Spirit in Filipino Thought," in *Philippine Studies*, 39 (1991).

Nono, Grace, *Song of the Babaylan* (Quezon City: Institute of Spirituality in Asia, 2013).

Taylor, Charles, *Sources of the Self: The Making of the Modern Identity* (Cambridge: Harvard University Press, 1989).

© 2025 Agustin Martin G. Rodriguez
https://doi.org/10.25138/19.2.a1
https://www.kritike.org/journal/issue_37/rodriguez_september2025.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND